ANNEX "E"

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, **AVELINA L. FELICIDARIO**, nasa wastong gulang, nakatira sa Block 19, Lot 6, Eloriaga St., Sta. Ana, Maynila, matapos makapanumpa ng naaayon sa batas, ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako po ay isang lay mission partner ng Religious of the Good Shepherd Mission dito sa aming lugar, ang San Andres Bukid, Maynila. Ang Good Shepherd Mission ay pinamamahalaan ni Sister Ma. Juanita R. Daño, kilala sa palayaw na Sister Nenet at residente rin ng San Andres Bukid.

2. Bilang Good Shepherd Mission partner, lumalahok kami sa mga *bible study* at pagdarasal. Sumasama rin kami sa mga pagtitipon kapag may mga importanteng isyu na nakaaapekto sa mga miyembro ng komunidad, tulad sa isyu ng *death penalty*. Sumasama rin kami sa mga proyekto para sa pangangalaga ng kalikasan tulad ng pagtatanim ng puno sa aming parnayanan o barangay. Tinutulungan din namin ang mga kababaihan at kabataan na biktima ng pang-aabuso.

3. Mula nang ipatupad ang Tokhang laban sa ilegal na droga noong Hulyo ng nakaraang taon, marami nang kakaiba at nakakagimbal na mga pangyayari sa San Andres Bukid kaugnay sa extra-judicial killings o EJK. Sa nakaraang taon, hindi bababa sa tatlumpu't limang (35) EJK o pagpatay sa San Andres Bukid ang naipabatid sa amin na nangyari sa San Andres Bukid.

4. Nalalaman namin ang tungkol sa mga EJK sa aming lugar dahil naging bahagi ng aming gawain bilang Good Shepherd Mission partner ang pagdalaw sa burol ng mga pinatay at pagdarasal para sa kanilang kaluluwa. Kinakausap din namin ang mga namatayang pamilya at inaalam ang mga detalye ng pagpanaw ng kanilang mahal sa buhay. Kahit na nailibing na ang

biktima, dumadalaw pa rin kami sa namatayang pamilya. Kasama ni Sister Nenet, tumutulong at nakikiramay po kami sa kanila.

5. Sa pagdalaw namin at pagdarasal sa mga burol at sa pakikiramay ko sa mga kaanak ng mga pinatay na madalas ay nasaksihan ang patayang naganap, napag-alaman kong EJK o extrajudicial killings ang mga patayang iyon dahil nangyayari ang mga ito nang walang due process, walang warrant of arrest, at walang search warrant. Karaniwan sa mga biktima ay nilulusob sa loob ng bahay ng mga lalaking naka-sibilyan at may maskara. Pinapatay ang mga biktima ng walang kalaban-laban. Matapos ang patayan ay bigla namang may darating na naka-unipormeng mga pulis. Madalas na pagkatapos ng naganap na patayan ay halo-halo o magkakasama na ang mga lalaking naka-sibilyan na iyon at ang mga unipormadong pulis sa lugar ng pinangyarihan. Madalas, hinuhuli ng mga lalaking naka-sibilyan o ng mga pulis ang mga nakasaksi sa patayan. Dinadala nila ang mga ito sa Manila Police District Station 6 sa Sta. Ana, Maynila at doon kinukulong at kinakasuhan ng RA 9165.

6. Marami kaming burol na dinalaw at pinagdasalan noong nakaraang taon. Sa aming tala, nakapunta ang Good Shepherd Mission sa burol at/o pamilya nina Jefferson Bunuan, Mark Anthony Bunuan at Jomar Manaois na pinatay noong Hulyo 18, 2016; Ryan Eder na pinatay noong Agosto 28, 2016; Willy de Leon na pinatay noong Setyembre 30, 2016; Alvin Mendoza na pinatay noong Oktubre 12, 2016; Joseph Baculi na pinatay noong Oktubre 23, 2016; Gilbert Beguelme na pinatay noong November 9, 2016; Emiliano N. Blanco na pinatay noong November 30, 2016; Jerry Estreller, Jr. at Randy Concordia na pinatay noong Disyembre 15 2016; at Delfin Sicson na pinatay noong Disyembre 18, 2016.

7. Nitong taon, napuntahan din ng Religious of the Good Shepherd Mission partners sa pangunguna ni Sister Nenet ang burol at/o pamilya nina Ramil Gallo na pinatay noong Enero 4, 2017; Eduardo M. Gores na pinatay noong Enero 18, 2017; Bimbo Merced, Joshua Merced at Leo Geluz na pinatay noong Enero 25, 2017; Ryan Dimacali na pinatay noong Mayo 6, 2017; Reynaldo T. Javier na pinatay noong Mayo 25, 201; Dennis Padpad na pinatay noong Mayo 29, 2017; Ramon Rodriguez na pinatay noong Hunyo 6, 2017; Ernesto Martinez Cruz na pinatay noong Hunyo 21, 2017;

Edwin Eduardo na pinatay noong Hulyo 7, 2017; Paul John Michael Enrera na pinatay noong Hulyo 20, 2017; Elmer Cayubit Lagunzad na pinatay noong Hulyo 26, 2017; Ronnie Veros at Rolly Veros na pinatay noong Agosto 11, 2017; at Crisente Baquial na pinatay noong Agosto 17, 2017.

8. May mga kumpirmadong pinatay sa aming lugar ngunit hindi namin napuntahan dahil sa nataon na wala si Sister Nenet, o kaya ay huli na nang aming mabalitaan. Ang mga ito ay ay sina Conrado Berona, Manuel Roy Mañalac, John Paul Martinez, Rollyn C. Frias, Jerson Colaban at Jossing Colaban. Mayroon ding pinatay na nagngangalang "Patricia" na taga-Delpan, Makati, ngunit hindi na naming nakuha ang iba pang detalye ng pagkamatay nito.

9. Sa pakikipag-usap sa mga kapamilya at kaanak ng mga pinatay, lumalabas na may kaugnayan sa ilegal na droga ang pagpatay. Batid din naming mga residente sa San Andres Bukid na maraming operasyon ng pulis kaugnay sa droga ang madalas isinasagawa sa madaling-araw.

10. Isa sa pinakamalaking dagok sa amin ang pagpatay sa anak ng ka-miyembro namin sa Religious of the Good Shepherd Mission na si Anafe Mendoza. Pinatay ng mga naka-sibilyang kalalakihan ang anak ni Anafe na si Alvin Mendoza noong Oktubre 12, 2017. Kumakain lamang si Alvin sa lugawan noong ito ay pagbabarilin.

11. Dahil sa mga pangyayaring ito, kaming mga residente ng San Andres Bukid ay balot sa takot. Kaming mga Good Shepherd Mission partners ay higit na nangangamba para sa aming sarili at mga pamilya dahil nasaksihan at nasubaybayan namin ang marahas, walang pakundangan at tuloy-tuloy na patayan dito sa aming lugar.

BILANG PATUNAY, ako ay lumagda sa ibabaw ng aking pangalan ngayon ika-_____ ng ~~Setyembre~~ 2017.

OCT 16 2017

A. L. Felicidario
Avelina L. Felicidario
Lagda
DSCA ID No. 183413

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika OCT 16 2017 ng _____, _____. Pinatutunayan ko na ang nagsalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

Doc. No. 143
Page No. 29
Book No. I
Series of 2017.

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero St
Salcedo Village, Makati City